AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**READING FOR GRADES 3-6**

**Aralin 17**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Ang Kaibigan Kong si Mabini" na isinulat ni Becky Bravo****. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 17** |
|---|
| Book Title: Ang Kaibigan Kong si Mabini |
| Author: Becky Bravo |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**

Magandang Araw! 😄☀️ Andito muli si Teacher _________. Sa araw na ito'y itutuloy natin ang librong 📚Ang Kaibigan Kong Si Mabini 📚 ni Becky Bravo.

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽

Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Isa-puso at isa-isip ang mga ito!

**III. Talasalitaan** 💬

Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibabang makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Kasangguni** - tagapayo o miyembro ng kapulungan
**(2) Rebolusyonaryo** - mga taong nasa likod ng rebolusyon
**(3) Kasarinlan** - kalayaan
**(4) Ipiniit** - ipinakulong o ibinilanggo
**(5) Lathalain** - isang akda na naglalayon na magpayo, magbigay ng aral, o mang-aliw

Atin nang ituloy ang kwento!
--

**IV.📚 ANG KAIBIGAN KONG SI MABINI NI BECKY BRAVO**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

•Maya-maya, nang kaming dalawa na lamang ang naiwan sa silid-aralan, bigla kong naisipan na siya ay tanungin. "Kapag nagtapos tayo sa pag-aaral, ano ba ang balak mong gawin?" 🤔

•"Gusto ng Nanay na magpari ako.", sagot niya nang may kaunting ismid. Pari? Saglit na pumasok sa isip ko ang imahen ni Mabini 👨🏽 bilang ganap na obispo. "Ikaw ba?" 🤔, tanong naman niya. "A, balak kong magdoktor 👨⚕.", sagot ko na tinugunan naman niya ng tango.

•Nagtapos ako sa mataas na paaralan noong taong 1883, ngunit hindi kasabay si Mabini 👨🏽, na pagdating ng ikalimang taon ay bigla na lamang huminto. Gipit man sa kabuhayan, tiyak ko noon na siya'y makakabangon. Simula't sapul, tiyak ko na mayroong mahalagang tungkuling nakatakda para sa katulad niyang may pambihirang talino. 🙂

•Ito ay aking napatunayan nang aking mabalitaan, pagkalipas ng matagal na panahon, na may isang Apolinario Mabini 👨🏽 na siyang tagapayo 🗣 at kasangguni ng mga rebolusyonaryong Filipino.

•Nang muli kong mabalitaan ang aking kaibigan, paralisado na siya mula baywang hanggang talampakan. Ngunit pinagtaksilan man siya ng kaniyang katawan, buong-buo pa rin ang matalas niyang isipan 🧠. Ang Apolinario 👨🏽 na minsang binansagang katawa-tawa 😂 at kimi ay kinilalang Utak ng Rebolusyon. 🧠

•Nang ipagdiwang ang ating kasarinlan 🕊 sa Kawit, Cavite noong ika-12 ng Hunyo, 1898, isa ako sa mga kababayan nating nakipagbunyi. Abot-abot ang aking tuwa ☺ nang masaksihan ang pagdating ni Apolinario Mabini 👨🏽, lulan ng isang duyang nakabitin sa posteng kawayan. Sa tindi ng galak sa kaniyang pagdating, sinalubong pa siya sa daan ni Presidente Aguinaldo. 🤵

•Naroon din ako noong ika-21 ng Enero 1899 sa Malolos, Bulacan nang lagdaan ni Presidente Aguinaldo 🤵 ang saligang batas ng bagong pamahalaan. Umupo si Mabini 👨🏽 bilang kaniyang punong tagapayo 🗣 at pinuno ng kaniyang gabinete.

•Ngunit maikling panahon lamang at pinagtaksilan sila ng mga Amerikanong 🤵🏼 pinagkatiwalaan. Isa-isang hinuli ♾ ang mga rebolusyonaryo, kabilang si Mabini 👨🏽 na ipiniit noong Disyembre ng taon ding iyon sa Fuerte de Santiago. 🏛️

•Doon kami nagtagpong muli. Isa na akong mediko 👨‍⚕️ at minsa'y itinalaga na suriin ang kalusugan ng mga nakapiit. Nang madatnan ko si Mabini 👨🏽, tahimik siyang nagsusulat ✍ sa isang makitid na mesa? Ako ay tumikhim, at nang mapalingon siya ay binasa ko kunwari ang kaniyang pangalan sa aking listahan.

•"Apolinario Mabini... ang hirap namang bigkasin ng pangalan mo. Wala ka bang palayaw? 🤔 Pol? Apol? Puling?", bungad ko, at dahan-dahan siyang napangiti. "Primo, kumusta ka na?", ang malugod niyang bati.☺

•Sumunod ang isang mahabang pangangamusta 🙂. Kay tagal nang panahon ang lumipas mula nang kami'y nasa paaralan ni Padre Malabanan! 👨🏽 Labis ang kaniyang tuwa na ako ay nagtuloy sa medisina. Ngunit kung ako ang tatanungin, ito'y munting tagumpay lamang kung ihahambing sa kaniyang narating.

•Kahit nakapiit, patuloy pa rin ang pagsulat 📝 ni Mabini 👨🏽 ng mga lathalaing laban sa pamumuno ng mga Amerikano 🤵🏼. "Hindi ka ba natatakot na patawan ng mas matindi pang parusa?", tanong ko nang may pag-aalala.

•Hindi raw niya nais na manumpa ✋ sa bandila ng mga banyaga 🇺🇸. "Naniniwala ako na ang kailangan nating mga Filipino ay ang karapatan ⚖ at kapangyarihang mamuno sa ating mga sarili sa halip na magpasailalim sa mga banyaga.", paliwanag niya. Bago ako nagpaalam, kinamayan 🤝 ko siya at mariing pinasalamatan sa kaniyang huwarang serbisyo at pagmamahal sa bayan.

•Paalis na ako nang sabihin niyang, "Pule ang palayaw ko." 👨🏽

•Tumango ako at ngumiti. 👨‍⚕️
--

Natapos rin natin! Good job!

**V. Gawain** ✏

Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎Anong propesyon ang gustong makamit ng Nanay ni Mabini 👦🏽 para sa kanyang anak? Ano namang propesyon ang balak tahakin ni Primo? 👦🏽

🔎 Ano ang binansag kay Mabini noong panahon ng Rebolusyonaryong Pilipino?

🔎 Natatandaan mo pa ba kung kailan ipinagdiwang ang kasarinlan sa Kawit, Cavite?

🔎 Saan ikinulong si Apolinario Mabini 👨🏽 noong hinuli ang mga rebolusyonaryo?

🔎 Sa huli, sinabi ni Mabini 👨🏽 ang kanyang palayaw kay Primo👨‍⚕️. Natatandaan mo pa ba kung ano ito?

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽
Bago matapos ang ating aralin, isang activity ang aking ipagagawa sa iyo. 😉

Iguhit ✍ ang itsura ng tinuturing mong bayani at ilarawan ito gamit ang tatlong pangungusap. 📝

Ano ang kanyang pangalan at ang kanyang kayang gawin? 🤔

Ano man ang iyong malikha, huwag mo sanang kalimutang sumaludo 🙌 at papurihan 🙏 ang ating mga bayani na lumaban para makamit ang kalayaan 🕊️ ng Pilipinas mula sa mga banyagang nanakop dito.

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏
🔎Gusto ng Nanay ni Mabini na siya'y maging pari. Sa kabilang banda, si Primo naman ay gustong maging doktor 👨‍⚕️. Naisip mo na ba ang propesyong gusto mo? 🤔

🔎Si Apolinario Mabini 👨🏽 ay kinilala bilang Utak ng Rebolusyon. 🧠
Kahanga-hanga ba ang ginampanan ni Mabini 👨🏽 noong panahong iyon? Bakit? 🤔

🔎Ang ating kasarinlan 🕊️ ay ipinagdiwang noong ika-12 ng Hunyo, 1898 sa Kawit, Cavite. Masaya ka bang nakamit natin ang kalayaan 🕊️ noon? Bakit? 🤔

🔎Si Apolinario Mabini 👨🏽 ay ipiniit sa Fuerte de Santiago. 🏛️ Nararapat nga bang ikulong si Mabini noong panahong iyon? Bakit? 🤔

🔎Ang palayaw ni Apolinario Mabini 👨🏽 ay Pule. Ikaw, sino lamang ang nakakaalam ng iyong palayaw? 🤔

**VIII. Pagtatapos**✔️
May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤
-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.